**PILIPINO A1 – STANDARD LEVEL – PAPER 2**
**PILIPINO A1 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 2**
**FILIPINO A1 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 2**

Friday 23 May 2003 (afternoon)
Vendredi 23 mai 2003 (après-midi)
Viernes 23 de mayo de 2003 (tarde)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one essay question only. You must base your answer on at least two of the Part 3 works you have studied. You may include in your answer a discussion of a Part 2 work of the same genre if relevant. Answers which are not based on a discussion of at least two Part 3 works, will not score high marks.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- Ne pas ouvrir cette épreuve avant d'y être autorisé.
- Traiter un seul sujet de composition. Vous devez baser votre réponse sur au moins deux des œuvres de la 3e partie que vous avez étudiées. Le cas échéant, vous pouvez inclure dans votre réponse une discussion sur une œuvre du même genre littéraire étudiée dans la 2e partie du programme. Les réponses qui ne sont pas basées sur au moins deux des œuvres de la 3e partie n'obtiendront pas une note élevée.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Elija un tema de redacción. Su respuesta deberá basarse en al menos dos de las obras estudiadas en la Parte 3. Se podrán hacer comentarios sobre una obra de la Parte 2 del mismo género, si fuera necesario. Las respuestas que no incluyan una discusión sobre al menos dos obras de la Parte 3 no recibirán notas altas.

*Sumulat ng sanaysay tungkol sa* ***isa*** *sa mga sumusunod na tanong. Dapat ibatay ang iyong sagot sa dalawa o higit pang akdang binasa sa Ikatlong Bahagi ng mga pinag-aralang panitikan. Maaaring isama sa sagot ang pagtalakay sa isang akdang nasa Ikalawang Bahagi, kung ito ay katulad sa anyo at kung may kaugnayan. Ang mga sagot na hindi ibinatay sa hindi kukulangin sa dalawang akdang nasa Ikatlong Bahagi, ay hindi mabibigyan ng mataas na marka.*

**Nobela**

**1.** *Maaaring ito:*

(a) Sa pagpaksa sa mga isyung pambabae, anong mga saloobin ng mga awtor ang makikita natin sa kanilang mga akdang nabasa mo na at napag-aralan? Paano nila ipinakita ang mga saloobing ito?

*o ito:*

(b) Suriin ang karakterisasyon ng mga pangunahing tauhan sa dalawa o higit pang nobelang nabasa mo na at napag-aralan, at sabihin kung paanong ang mga karakterisasyong ito ay kasasalaminan ng mga katangian o kakanyahan ng panahong kinabibilangan ng tauhan.

**Maikling Kuwento**

**2.** *Maaaring ito:*

(a) Maghambing ng mga maikling kuwentong nabasa na ayon sa mga atmosperang nalikha sa bawat akda, saka sabihin kung anong papel ang ginampanan ng mga atmosperang ito sa paglalahad ng mensahe ng bawat kuwento.

*o ito:*

(b) Isa sa mga layunin ng manunulat ay punahin ang lipunang kanyang kinabibilangan. Gaano ito naging totoo sa mga akdang napag-aralan mo?

**Dula**

**3.** *Maaaring ito:*

(a) Maghambing ng dalawa o tatlong tauhan buhat sa iba't ibang dulang nabasa mo na; talakayin ang mga kasangkapan o pamamaraang matagumpay na nagamit ng mga mandudula sa presentasyon ng mga tauhang ito,

o *ito*:

(b) Pumili ng dalawa o higit pang dulang napag-aralan na at paghambingin ayon sa kung paano ginalugad (explore) at inilahad ng mga awtor ang mga temang taglay ng bawat akda.

**Tula**

**4.** *Maaaring ito:*

(a) Sa kanilang mga sinulat na tula, ang mga makata ay karaniwang nagpapahayag ng kaisipan o damdamin sa pamamaraang hindi tuwiran. Dahil dito, madalas na ang mensahe ay hindi agad nagiging malinaw sa mambabasa. Gaano ito naging totoo sa mga tulang napag-aralan mo?

*o ito:*

(b) Upang makalikha ng impresyon sa mambabasa ang tula, ito ay dapat na may hikayat sa isip at puso. Batay sa mga nabasa mo nang akda sa panulaan, gaano ka sumasang-ayon sa pangungusap na ito?

**Iba Pang Mga Akdang Prosa**

**5.** *Maaaring ito:*

(a) Pumili ng dalawa o tatlong akda sa kategoryang ito at paghambingin ang mga pamamaraang ginanit ng mga awtor para maipakita ang mga damdamin at kaisipan ng kani-kanilang panahon.

*o ito:*

(b) Sa larangan ng panitikang prosa, karaniwang ipinahahayag ng mga manunulat ang kani-kanilang mga dakilang mithiin (ideals). Paano natamo ng mga manunulat ang ganitong layunin sa mga akdang napag-aralan mo?

**Panlahat na mga Tanong**

**6.** *Maaaring ito:*

(a) Sa mga akdang napag-aralan mo, paano ipinamalas ng mga awtor ang relasyong namamagitan sa lipunan at sa mga tauhang nasa akda?

*o ito:*

b) Paano ipinakita ng mga awtor ang mga romantikong relasyon o ugnayan ng mga tauhan sa mga akdang napag-aralan mo na, at gaano naging epektibo ang ginawang presentasyon?

*o ito:*

(c) Paano inilahad ang mga suliranin at damdamin ng mga katulong na tauhan sa mga akdang napag-aralan mo na?

*o ito:*

(d) Sa mga akdang napag-aralan mo, may nakita ka bang “recipe” o pamamaraan para sa isang matagumpay na akdang pampanitikan? Ano kaya ang mga “sahog” sa ganitong “recipe”?